rgrc

Responsible Gaming
Resource Centre

Mga Maling-Akala, Katotohanan sa Pagsusugal

Responsible Gambling Council

Mga Slot Machine

Maling-Akala: "Ang slot machine na ito ay matagal ng hindi nagpanalo-panahon na ito para manalo!"

Totoo: Ang kalalabasan ng isang ikot ng slot machine ay hindi kontrolado ng tiyempo o suwerte, ito'y kontrolado ng computer chip–isang Random Number Generator na tuloy-tuloy nagbubunga ng libo-libong mga numero kada segundo.Kapag pinindot mo ang buton na "play" ang numero na lumabas sa sandaling iyon ay resulta na nasa screen-maaring panalo o talo. Walang mangyayaring kaibahan kung ang makina ay hindi nagpanalo ng matagal na panahon o kung pinindot mo ang buton ng partikular na paraan-ang bawat ikot ay paiba-iba at hindi mahuhulaan.

Ano ang House Edge (Lamang ng Palaruan)?

Isa sa pinakamahalagang bagay na dapat tandaan tungkol sa mga nangyayari sa isang bahay palaruan ay ang House Edge. Ang House Edge ay isang equation pang matematika na magtutukoy kung magkano ang lamang o panalo ng palaruan(House).

Ang House Edge ay isinasagawa sa lahat ng sugal/laro at siniseguro nito na ang palaruan ay laging lamang at may bentahe. Hindi naman ibig sabihin na wala ng mananalo-ngunit ginagarantiyahan ng House Edge na kung mas matagal kang maglalaro, mas malaki ang tsansang matalo ka. Tandaan: Ang Palaruan ay laging panalo sa malao't madali.

*Responsible Gambling Council (2008). *Gambling Myths in Ontario.*

Mayroong mga ibat ibang uri ng maling paniniwala sa sugal: Ang slot machine na ito ay handang magbayad, Mayroon akong sistema na nag gagarantiya na mananalo ako; Ang sugal ay mabuting paraan na kumita ng pera; Mas mataas ang tsansa kong manalo sa lotto kung lalaruin ko ang parehong mga numero linggo-linggo. Kung ikaw ay naniniwala sa mga ito, mas malamang magkakaproblema sa pagsusugal kaysa makapanalo ng malaki.

Ang panalo o talo sa sugal ay walang kinalaman sa suwerte, isang espesyal na sistema, takdang oras na ikaw ay dapat magsugal o mag slot machine o ang mga numerong pinili mo sa lotto. Ang kalalabasan ng sugal ay resulta na hindi mo makokontrol, tulad ng pagbala-balasa ng baraha o kung saan ang bola ng roleta lumapag.

Pagmasdan ang ilang mga popular na palaro at tingnan kung saan naglalaro ang maling-akala at katotohanan sa pagsusugal.

Alam ba ninyo? Isang pag-aaral kamakailan lang ay nagpatunay na 43% ng taong nasa hustong gulang sa Ontario ay naniniwala sa di bababa sa isang maling-paniniwala o maling pananaw ukol sa pagsusugal.*

Maling-akala: "Ang Blackjack ay tungkol sa abilidad at sistema ko na nag gagarantiya na ako'y mananalo!"

Totoo: Isa sa pinakamatandang maling-paniniwala sa Blackjack ay ang tao mananalo sa pagbibilang ng baraha-alamin kung alin sa mga baraha ang nalaro na mula noong huling balasa. Subalit sa dahilang lahat ng casino ay gumagamit ng maraming talaksan ng baraha-madalas mga walo-ang aktwal na pagbibilang ay mahirap kung di man imposible. May ilang manlalaro, imbes magbilang ng lahat ng baraha, gumagamit ng sistemang "Hi-Lo" (mataas-mababa) kung saan sila ay nagtatakda ng negatibo, positibo at zerong halaga sa bawat baraha. Kapag ginagamit ang sistemang ito at naglalaro sa bawat kamay, ito ay nagbibigay lamang ng 1% na bentahe. Habang may ilang galing o abilidad natutukoy sa Blackjack, hindi mo mahuhulaan kung paano maikakalat sa mga manlalaro at hindi mo kontro-lado kung paano ang susunod sa iyo ilalaro ang kanilang hawak.

Roleta

Maling-Akala: "Ang bola ay lumapag sa pula ng 6 na beses na, ngayon naman sa itim na ito!"

Totoo: Walang paraan na mahuhulaan kung saan titigil ang roleta. Ang nakaraan ay walang kinalaman sa susunod na paglapag-ang bola ay walang memo-rya! Bawat ikot ng roleta at bawat kinakalabasan ay indipendeyente, hindi mahuhulaan at hindi tiyak, tsansa lang!

Tandaan: Sa paglipas ng oras, kung mas tumataya ka, mas malamang matalo ka. Kung ikaw ay nananalo, ibilang mo ang iyong sarili sa masuwerte at iwanan ang pera sa bulsa. Kung ikaw ay talunan, isaalang-alang mo na ito ay presyo ng pampalipas oras.

Maikling Pagsusulit ukol sa Mga Maling-Akala sa Pagsusugal

Kung naniniwala ka sa mga maling-akala, mapapansin mo sa iyong sarili na gumagastos ka ng mas malaking pera kaysa kakayahan mong magsugal O mas maraming oras, o mas lumalaki ang halaga na ginugugol mo para mabawi ang perang naipatalo mo. Ang mga ito ay senyales ng potensiyal na problema sa pagsusugal. Subukan ang pagsusulit na ito at tingnan kung mapaghihiwalay mo ang totoo sa kathang-isip lamang tungkol sa sugal.

1. Kung ang slot machine ay hindi pa nakakapanalo, maaring ito na ang pagkakataong manalo. (T) (M)

2. Kung ikaw'y talunan,huwag mag-alala. Kung maglalaro ka pa ng matagal, mababawi mo ang pera mo. (T) (M)

3. Maging ano man ang nilalaro sa paglipas ng panahon, ang mga sugarol ay kadalasan natatalo kaysa panalo. (T) (M)

4. Maiaangat mo ang tsansang manalo sa slot machine sa paggamit ng slot machine na matagal ng hindi nagpapanalo nito lang. (T) (M)

5. Kung ipitik mo ang barya ng limang beses at kara palagi ang nakatihaya, malamang makuha mo na ang krus sa susunod na pitik. (T) (M)

6. Kung naglalaro ka ng roleta na ang Pula ay lumabas ng 14 beses na sunod sunod, ang sunod na pinakamainam na pusta ay sa Itim. Lyon ang magbibigay sa iyo ng tsansang manalo. (T) (M)

7. Ang sabayang paglalaro ng 2 o mahigit pa na slot machine ay isang mabuting paraan para mas mabilis maubos ang pera. (T) (M)

8. Ang pagpili ng parehong numero sa lotto lingo-linggo ay mag aangat ng tsansa ng panalo. (T) (M)

1. M 2. M 3. T 4. M 5. M 6. M 7. T 8. M

Kung ikaw ay balisa tungkol sa iyong pagsusugal o sa pagsusugal ng isang taong pinangangalagaan mo, ikaw ay makakakuha ng tulong o makakahingi ng mga sagot sa pamamagitan ng pagtawag sa:

ONTARIO PROBLEM GAMBLING HELPLINE
1-888-230-3505
Libre. Lihim. Anonymous. 24/7.

Sentro ng Pamamaraang Responsableng Paglalaro (Responsible Gaming Resource Centre)

Ang Sentro ng Pamamaraang Responsableng Paglalaro (RGRC), natatagpuan mismo sa mga palaruan ng OLG sa ibayong Ontario ay nagbibigay ng mga patron na may impormasyon sa ligtas, hindi nakapipinsalang pamaraan ng pagsusugal. Gayundin, ito ay tumutulong at lokal na nagtutukoy para makatulong sa may mga problemang kaugnay ng pagsusugal. Ang mga sentro na pinatatakbo ng konseho sa Responsableng Pagsusugal ay independiyente at lahat ng impormasyong binibigay sa RGRC ay lubos na konfidensyal.

Konseho sa Responsableng Pagsusugal (Responsible Gambling Council)

Ang Responsible Gambing Council (RGC) ay isang independiyenteng hindi nakikinabang (non-profit) na konseho at naninindigan para sa prebensyon ng problema ng pagsusugal. Ang RGC ay nagdidesenyo at naghahatid ng napaka-epektibong programang nagpapamulat. Sa pamamagitan ng RGC Centre for the Advancement of Best Practices, ang konseho ay nagtataguyod/nagsusulong ng pagkakakilanlan at adapsyon ng pinakamagaling na mga kasanayan sa prebensyon ng problema ng pagsusugal.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mas ligtas na pagsusugal,o para malaman ang mga materiyales/maraming lokal na mga bagay na mapakikinabangan at makakatulong sa problemang kaugnay ng pagsusugal, mangyaring bumisita sa:

www.responsiblegambling.org